ANG PATAKARAN SA PAGSUNOD NG SAMSONITE GROUP S.A. SA BUONG MUNDO UPANG MALABANAN ANG KORAPSYON

Panimula

Ang Samsonite Group S.A. at bawat dibisyon, subsidiyaryo, joint venture at affiliate nito (sama-sama, "Samsonite") ay nangangakong laging mangangalakal ayon sa pinakamataas na legal at etikong mga pamantayan. Umaasa ang Samsonite na paninindigan ang pangakong ito ng lahat ng mga taong kumikilos para sa Samsonite. Upang matulungan ang Samsonite sa pagtataguyod ng pangakong ito sa contexto ng mga isyung kaugnay sa pagsuhol, idinisenyo at isinagawa ng Samsonite ang sumusunod na Patakaran nito sa Buong Mundo Laban sa Korapsyon (ang "Patakaran").

Patakaran

Patakaran ng Samsonite na kailangang laging umasal ang lahat ng mga kaanib ng Samsonite (gaya ng nakatakda sa ibaba) na sinusunod ang lahat ng mga naaangkop na batas laban sa korapsyon, kabilang nang walang limitasyon ang U.S. Foreign Corrupt Practices Act ("FCPA"), ang UK Bribery Act at anumang ibang batas laban sa korapsyon na nananaig sa mga bansa kung saan nangangalakal ang mga Samsonite Associate. Maaaring isapanganib ng di-pagtalima kapwa ang reputasyon ng Samsonite at tagumpay ng negosyo nito at maaaring sibil at criminal na managot kapwa ang Samsonite at ang mga taong kasangkot. Ang pag-iwas ng mga kabiguan sa pagsunod ay nangangailangan ng pamamalagi ng di-nag-iibang etikong asal. Ibig sabihin, dapat ninyong iwasan ang asal na katumbas ng paghiling, pagtanggap, pagbigay o pag-alok ng anumang bagay sa o mula sa sinuman upang gantimpalaan para sa alangan na pagtupad ng isang opisyal na tungkulin o upang makatamo ng di-matwid na bentaha sa pagnenegosyo. Inilalarawan ng mga sumusunod na pahina ang mga rekisitos ng Samsonite upang makapagnegosyo sa paraang tumatalima sa lahat ng mga naaangkop na batas laban sa korapsyon, kabilang ang FCPA at ang UK Bribery Act.

Kanino natutungod ang Patakaran na ito?

Natutungod itong Patakaran sa lahat ng mga direktor, pinuno, empleyado, ahente, kinatawan at mga kaugnay na tao na kumikilos para sa Samsonite (sama-sama, "Samsonite Associates").

Aling mga transaksiyon o iba pang pakikitungo ang sinasakupan nitong Patakaran?

Natutungod itong Patakaran sa lahat ng mga pakikitungo o transaksiyon na alinman: a) may kasamang sinumang empleyado, ahente o anumang sangay ng pamahalaan, kabilang ang mga departamento o ahensiya ng anumang pamahalaan, mga partidong politikal, mga kandidato para sa isang katungkulan, mga negosyong pag-aari ng estado, maging ang buong negosyo o bahagi nito, at sinumang mga empleyado ng ganyang mga negosyo (sama-sama, “Mga Opisyal ng Pamahalaan”); o (b) mayroong kaugnayan sa United Kingdom, kabilang ang mga Overseas Territories nito, kabilang ang subalit hindi limitado sa Cayman Islands, British Virgin Islands at Bermuda (ang "U.K.").

Mangyaring pansinin na, bukod sa mga rekisitos ng Patakarang ito, ipinagbabawal ng Code of Conduct ng Samsonite ang mga Samsonite Associates na mag-alok, humingi o tumanggap ng anumang suhol, ilegal na rebate o kickback, maging may kinalaman na mga Opisyal ng Pamahalaan o may kaugnayan sa U.K, kailangang sumunod ang mga Samsonite Associate sa mga rekisitos ng Code of Conduct gayundin ng Patakarang ito.

Sino ang maaari kong tanungin tungkol sa pagsasagawa ng Patakarang ito?

Dapat sangguniin ng mga Samsonite Associate na may mga katanungan tungkol sa mga rekisitos ng Patakarang ito o naaangkop na batas ang departamentong legal ng Samsonite sa kanilang rehiyon o ang General Counsel ng Samsonite.

Anu-ano ang aking mga obligasyon sa ilalim ng Patakarang ito?

Ang mga Samsonite Associate ay hindi maaring humiling, tumanggap, gumawa, mag-alok na gumawa, o mangakong gagawa ng mga bayad, o magbigay ng anumang bagay na may halaga, tuwiran o di-tuwiran, sa o mula sa anumang ikatlong partido, kabilang nang walang pagtatakda sinumang Opisyal ng Pamahalaan, para sa layunin na matulungan ang Samsonite sa pagkuha o pagpanatili ng negosyo o pagtamo ng di-matwid na bentaha sa negosyo.

Kung mayroong hihingi o pipilit ng di-matwid na bayad o ibang asal na lalabag sa Patakarang ito, kailangang tanggihan kaagad ang kahilingan o ang ipinilit at iulat kaagad sa General Counsel ng Samsonite. Maaari din anonimong iulat ng mga empleyado ang mga paglabag o sinosospetsang paglabag sa pamamagitan ng Business Ethics Reporting Line at Website gaya ng inilarawan sa Code of Conduct ng Samsonite. Mahigpit na patakaran ng Samsonite na walang masamang mangyayari sa empleyo ng kahit sino mang empleyado bilang paghihiganti sa matapat na pag-uulat ng isang paglabag o sinosospetsang paglabag ng mga batas laban sa korapsyon o ng Patakarang ito.

Paano natutungod itong Patakaran sa mga regalo, hospitality (mabuting pagtanggap), libangan at iba pang bagay na may halaga?

Kinikilala ng Patakarang ito na ang magalang na asal sa negosyo, lalo na sa ilang bansa, ay maaaring mangailangang magbigay ang mga Samsonite Associate ng mga maliliit na regalo sa kanilang mga kapilas dahil kagalangan sa negosyo o lokal na gawi ito. Gayundin, maaaring gumagamit ng hospitality o libangan upang maipatibay ang mga buong-pusong relasyon nang di-naglalayon ng di-matwid. Segun, ang mga sumusunod na tuntunin ay natutungod sa mga regalo, hospitality at libangan:

Mga Regalo

Mga regalong <u>ibinibigay</u> ng mga Samsonite Associate

Ang mga sumusunod na pangkalahatang panuto para sa mga regalo ay natutungod sa lahat ng mga pakikitungo o transaksiyon sa mga Opisyal ng Pamahalaan, gayundin sa lahat ng mga pakikitungo at transaksiyong may kaugnayan sa U.K.:

- Hindi maaring magbigay ng cash o mga cash equivalent na regalo.
- Kinakailangang makatuwiran ang halaga ng regalo.

- Kinakailangang hindi labag sa lokal na batas ang regalo.

- Sa inyong pinakamuhasay na pagkaalam, kinakailangang pinapahintulutan ang regalo ng mga panuto at patakaran ng pinaglilingkuran (kung mayroon) ang recipient.

- Kailangang ibigay ang regalo nang hayagan at hindi patago sa anumang paraan.
- Kailangang ibigay ang regalo bilang isang palatandaan ng estima, galang o bilang kapalit ng hospitality, at kailangang ibigay sang-ayon sa lokal na gawi.

Mga regalong tinatanggap ng mga Samsonite Associate

Ang lahat ng mga regalo na ang halaga ay higit sa U.S. $250 (o katumbas sa lokal na pera) mula sa anumang partido na nakikipagnegosyo sa Samsonite ay kailangang iulat sa inyong immediate supervisor, gayundin sa alinman sa departamentong legal sa inyong rehiyon o sa General Counsel ng Samsonite.

Pagtanggap at Libangan

Hindi hinahadlangan ng mga paghihigpit sa itaas sa pagbibigay ng mga regalo ang paglahok ng mga Samsonite Associate sa "karaniwan at kinaugaliang libangan para sa mga layunin ng pagnenegosyo" kapag ang taong Samsonite ay nagho-host, o nagbabayad, paminsan-paminsan para sa mga kliyente, mga prospect o ibang mga business associate sa kainan, sporting event, theater production o maipaparis na entertainment event. Ang taong Samsonite na nagho-host ng event ay kailangang dumalo sa event. Gayundin, hindi hinahadlangan ng mga paghihigpit sa pagtanggap ng mga regalo ang pagtanggap ng mga Samsonite Associate ng "karaniwan at kinaugaliang libangan para sa mga layunin ng pagnenegosyo." Sa lahat ng mga kaso, ang libangan ay hindi maaaring napakadalas o napaka-labis-labis at napakalaki na maaaring pagdudahan ang karampatan ng regalo.

Mga pangkalahatang tuntunin sa pagkakaloob ng hospitality at libangan

- Kailangang makatuwiran ang mga business entertainment expense (gastos sa mga libangan para sa mga layunin ng pagnenegosyo). Kabilang dito ang mga isa-isang gastos at serye ng mga gastos na binayaran para sa isang opisyal o entidad. Ang libangan para sa mga layunin ng pagnenegosyo ay hindi dapat labis-labis o di-nababagay sa okasyon.

- Kailangang ipinapahintulot ng lokal na batas ang mga business entertainment expense.

- Sa inyong pinakamuhasay na pagkaalam, kinakailangang pinapahintulutan ang mga business entertainment expense ng mga panuto at patakaran ng pinaglilingkuran (kung mayroon) ng recipient.

- Kailangang makasang-ayon ang mga business entertainment expense at lokal na kaugalian at gawi.

- Kapag maaari, ang bayad para sa business entertainment ay dapat gawin ng

Samsonite nang tuwiran sa tagalaan ng serbisyo at hindi dapat dumaan o ibayad nang tuwiran sa Opisyal ng Pamahalaan halimbawa, bilang pagsauli ng nagasta.

- Dapat iwasan ng business entertainment expense ang anyo ng di pagiging akma.

- Ang hospitality o libangan kaugnay sa negosyo na nangyayari kapag ang Samsonite Associate ay hindi dumadalo at mga kaso kung kailan ang Samsonite ang nagbabayad ng mga gastos na kaugnay sa paglalakbay ng isang Opisyal ng Pamahalaan ay itituring "mga regalo", at sasakupin ng mga takda at rekisitos para sa mga regalo na itinakda nitong Patakaran.

Mga pangkalahatang tuntunin sa pagbigay at pagtanggap ng paglibang na may kasamang paglalakbay

Nang walang pagtatakda ng sinundang bahagi, kailangang kumuha ng paunang pahintulot mula sa immediate supervisor kapag gusto ng mga Samsonite Associate na tumanggap o mag-alok ng libangan na may kasamang paglalakbay sa labas ng metropolitan area kung saan ang empleyado (o recipient) ay nagtatrabaho at may halagang mas mataas kaysa U.S. $1,000 o ang katumbas na halaga sa lokal na salapi.

Mga pangkalahatang tuntunin sa paglibang ng mga Opisyal ng Pamahalaan

Sakop ng mga pangkalahatang tuntunin, bago magbigay ng anumang hospitality, libangan o paglakbay at panuluyan sa isang Opisyal ng Pamahalaan, kailangang sangguniin ng lahat ng mga Samsonite Associate ang departamentong legal ng kanilang rehiyon o ang General Counsel ng Samsonite.

Mga Sampol ng Produkto

Mga pangkalahatang tuntunin sa pagbigay ng mga sampol sa mga Opisyal ng Pamahalaan o mga Customer sa Pamahalaan

Nagyayari at nagbebenta ang Samsonite ng ibat ibang produktong mahalaga sa commercial setting. Paminsan-minsan, maaaring gumawa ang Samsonite ng mga sampol ng mga produkto nito upang matingnan at ma-evaluate ng mga prospective customer o para sa ibang mga layunin. Kapag humingi o mabigyan ng sampol ang ahensiya ng isang dayuhang pamahalaan o isang Opisyal ng Pamahalaan, kailangang mag-ingat ang mga Samsonite Associate at anumang Ikatlong Partido (gaya ng nakatakda sa ibaba) na inuupa ng Samsonite. Hindi dapat tuwiran ibigay ang mga sampol sa mga Opisyal ng Pamahalaan para sa kanilang personal na paggamit. Anumang mga produktong Samsonite na ibibigay sa mga Opisyal ng Pamahalaan para sa kanilang personal na paggamit ay dapat ituring mga regalo, at ang pagbigay ng anumang ganoong regalo ay kailangang tumalima sa ibang paraan sa mga probisyon ng Patakarang ito na natutungod sa mga regalo. Dapat ibigay lamang ang mga sampol sa mga Opisyal ng Pamahalaan kapag natugunan ang bawat isa ng mga sumusunod na tuntunin:

- Kailangang nasa karaniwang takbo ng negosyo ng Samsonite ang pagbigay ng ganoong mga sampol.

- ang pagbigay ng ganoong mga sampol ay makatwirang kinakailangan upang ma-evaluate ng Opisyal ng Pamahalaan kung dapat niyang bilhin mula sa Samsonite ang (mga) produktong ibinigay, o sa ibang paraan makatwiran upang matupad ng Opisyal ng Pamahalaan ang kanyang mga opisyal na tungkulin (halimbawa, upang matulungan ang mga opisyal sa customs o mga law enforcement personnel sa pagkilala ng mga tunay na produktong Samsonite at mga huwad).

- ang mga sampol ay ibinigay sa entidad (na may kaugnayan sa negosyo ng pamahalaan o ahensiya ng pamahalaan), at hindi sa anumang tao o Opisyal ng Pamahalaan para sa kanilang personal na paggamit.

- kailangang pinapahintulutan sa ilalilm ng angkop na lokal na batas ang pagbigay ng mga sampol.

- ang pagbigay ng mga sampol ay kailangang nakatala nang tumpak at walang kinikilingan sa mga talaan at rekord ng Kompanya.

Mga Internship o Empleyo

Kung minsan, maaaring matuklasan ng Kompanya na naghahanap ng mga internship o empleyo ang mga kamag-anak ng kanilang mga customer o Opisyal ng Pamahalaan:

Ang patakaran ng Samsonite ay: (1) Hindi maaaring mag-alok ang Samsonite Associate ng internship o empleyo ang isang kamag-anak ng isang customer o Opisyal ng Pamahalaan upang mahikayat ang anumang pagkilos ng isang customer o Opisyal ng Pamahalaan; (2) kung makatanggap ang Samsonite Associate mula sa isang customer o Opisyal ng Pamahalaan ng kahilingan na umupa ng isang kamag-anak ng customer o Opisyal ng Pamahalaan na iyon, kailangang kontakin kaagad ng Samsonite Associate na nakatanggap ng kahilingan ang departamentong legal ng kanilang rehiyon o ang General Counsel ng Samsonite at humiling ng payo; (3) kung sa karaniwang takbo ng negosyo natiyak na ang isang kandidatong iniisip para sa isang internship o empleyo ay kamag-anak ng isang customer o Opisyal ng Pamahalaan, kailangang ipagbigay-alam sa legal na departamento o General Counsel ng Samsonite ang kaugnayan ng pamilya ng kandidato (o isang entidad kung saan nagtarabaho ang isang miyembro ng pamilya o kung saan mayroon siyang kaugnayan) at Samsonite; at (4) kung matiyak na ang isang kandidato para sa isang internship o empleyo ay kamag-anak ng isang customer o Opisyal ng Pamahalaan at ang kandidato ay pinag-iisipan sa labas ng karaniwang takbo ng pagpapatao ng isang posisyon, kailangang aprobahan muna ang anumang internship o posisyon ng departamentong legal ng rehiyon o General Counsel ng Samsonite.

Mga Abuloy

Sa palagay ng mga law enforcement authority, sa ilang kaso, ang pag-abuloy sa isang organisasyong pang-kawanggawa na may kaugnayan sa, o kinilala ng, isang Opisysal ng Pamahalaan ay nakababuti sa taong iyon para sa mga layunin ng mga batas laban sa korapsyon. Gayundin, ang mga abuloy sa mga samahan kung saan ang isang Opisyal ng Pamahalaan o anumang tao o entidad ay may kapangyarihang magpasiya o mahikayat ang mga gawain ng kompanya sa pangangalakal ay mayroong mahalagang papel (halimbawa, bilang isang miyembro ng lupon o katiwala), o ginawa dahil inutos ng taong iyon ay maaaring magresulta sa pagkabahala sa ilalim ng mga batas laban sa korapsyon at sa Patakarang ito. Subalit ang tanging pagkakasangkot ng isang Opisyal ng Pamahalaan ay hindi awtomatikong mangangahulugang hindi dapat mag-abuloy. Gayunpaman, mangangailangan pa din ng naaangkop na pagsisiyasat ng pagtalima at legal review at kailangang makuha ang paunang pahintulot.

Ang mga abuloy ng Samsonite o ng mga empleyado nito sa mga organisasyong pangkawanggawa na talagang inii-sponsor o alam na alam na inii-sponsor ng isang Opisyal ng Pamahalaan o ng sinumang tao o entidad na may kapangyarihang pasyahan o hikayatin ang mga gawain ng Samsonite sa pangangalakal ay kailangang makakuha ng paunang pahintulot ng departamentong legal ng rehiyon o ng General Counsel ng Samsonite.

Aaprobahan lamang ang mga abuloy na ginagawa para sa mga lehitimong pangkawanggawang dahilan gaya ng upang makapagsilbi sa mga interes na pangkawanggawa at upang maitaguyod ang mga institusyong pang-kultura at pang-edukasyon. Maaaring nararapat mag-ambag dahil inaasahan na makababuti ito sa reputasyon ng Samsonite sa komunidad. Ipinagbabawal ang mga abuloy, anuman ang laki, kung ang layunin ay di-matwid na hikayatin ang pagpapasya.

Mga Kontribusyong Pampulitika

Ang patakaran ng Samsonite hinggil sa mga kontribusyong pampulitika ay inilahad sa Code of Conduct ng Samsonite.

Due Diligence, o Paunang Pagsasaliksik, ng mga Consultant (Tagapayo) at Ibang mga Ikatlong Partido

Sinasakupan ng pangako ng Samsonite na tumalima sa mga batas laban sa korapsyon ang mga gawain ng mga ahente, tagapayo, at kinatawan nito at iba pang mga kaanib (sama-sama, "Mga Ikatlong Partido") kapag para sa Samsonite ang mga Ikatlong Partido ay nakikipag-ugnayan o nakikipag-transaksiyon sa mga Opisyal ng Pamahalaan, o nakikipag-ugnayan o mayroong mga transaksiyong may kaugnayan sa U.K. Dapat mag-ingat ang mga Samsonite Associate na iwasan ang anumang mga situwasyong mayroong mga Ikatlong Partido na maaaring magresulta sa paglabag ng Patakarang ito o ng anumang naaangkop na batas laban sa korapsyon.

Dahil ang mga ilegal o di-matwid na kilos ng mga ahente ay maaaring magresulta sa mabibigat na konsekwensyang makasasama sa Samsonite at sa mga tauhan nito, ang mga Ikatlong Partido ng Samsonite ay aming hinihingang-pautos na tumalima sa mga simulain nitong Patakaran at sa lahat ng mga naaangkop na batas.

Dahil nakikipag-ugnayan ang Samsonite sa maraming iba ibang Ikatlong Partido, gumagamit ang Kompanya ng risk-based approach sa pag-aaral at pagtatasang kailangang gawin bago kumasundo ng Ikatlong Partido. Mangyaring kontakin ang departamentong legal ng inyong rehiyon o ang General Counsel ng Samsonite upang masagot ang inyong mga katanungan tungkol sa pagsasaliksik ng mga Ikatlong Partido.

Ang due diligence, o paunang pagsasaliksik, kaugnay sa paglaban sa korapsyon ay kinakailangan para sa mga sumusunod na kategorya ng mga ugnayang Ikatlong Partido:

- Lahat ng mga kontrata ng mga third-party service provider (tagatustos ng serbisyo na ikatlong partido) kung saan ang mayoria ng mga serbisyong inilalaan ay nangangailangan ng pakikipag-ugnayan sa, o sa ibang paraan tuwirang may kaugnayan sa, mga ahensiya ng pamahalaan o mga opisyal (halimbawa, mga customs broker, tax consultant (maliban sa kilalang kilalang international service provider), mga consultant o tagapayo sa pagkuha ng mga subsidy, o tulong sa pagbayad, mula sa pamahalaan, at iba pa).

- Ang lahat ng mga kontrata ng mga sales representative o distributor na malamang magbebenta sa mga ahensiya o opisyal ng pamahalaan.

- Ang lahat ng mga bagong joint-venture partner.

Ang due diligence, o paunang pagsasaliksik, kaugnay sa paglaban sa korapsyon ay sa kalahatan hindi kinakailangan para sa mga sumusunod na kategorya ng mga ugnayang Ikatlong Partido:

- Mga kontrata ng service provider (mga law firm, accounting firm, consulting firm, investment bank, at iba pa) na kilala sa buong mundo.

- Mga kontrata ng sales representative o distributor na hindi inaasahang masyadong makikipagnegosyo sa mga opisyal o ahensiya ng pamahalaan – ibig sabihin, mga partidong bibili at magre-resell, o magbebenta lamang, ng mga produktong Samsonite.

Kapag tinatasa namin ang panganib na magkakaroon ng korapsyon, anu-ano ang ilan sa mga "Red Flag" na naghuhudyat ng potensiyal na korapsyon?

Ang mga "Red Flag" ay mga tiyak na kilos o katotohanan na dapat maghudyat sa mga Samsonite Associate na may mataas na posibilidad na maaaring mayroong paglabag ng Patakarang ito. Kailangang pag-aralan ang bawat situwasyon sa case-by-case basis upang matiyak kung mayroong Red Flag. Ang Red Flag ay hindi nangangahulugang may nangyaring ilegal na bagay. Higit pa, nagsisilbi ito bilang hudyat na kailangan ng karagdagang imbestigasyon. Kailangang maging bihilante ang lahat ng mga Samsonite Associate upang makita ang mga senyales na ito at iharap ang anumang mga pagkabalisa sa departamentong legal ng rehiyon o General Counsel ng Samsonite. Kabilang sa mga Red Flag ang:

- mga paratang ng di-matwid na asal sa pagnenegosyo ng mga Samsonite Associate;
- ugnayang pampamilya o iba sa pagitan ng kahit sinong Samsonite Associate at isang Opisyal ng Pamahalaan na maaaring di-matwid na maghikayat ng pagpasya ng Opisyal ng Pamahalaan na iyon;

- isang Ikatlong Partido na kamag-anak, o inirekomenda, ng isang Opisyal ng Pamahalaan;

- ipinipilit ng isang Opisyal ng Pamahalaan o ng kanyang kinatawan na kumasundo ng partikular na partido o iminungkahi niya na padadaliin nitong alkila ang pagtamo ng negosyo;

- mga kahilingan mula sa Opisyal ng Pamahalaan o isang customer na bigyan ng internship o trabaho ang isang kaibigan o kamag-anak;

- ang bansa kung saan nangyari ay may reputasyon para sa korapsyon at pagsuhol;

- humihiling ang isang Ikatlong Partido na bayaran in cash sa ibang bansa;

- ang mga invoice ay hindi wastong nadokumentado o ang mga halaga o dami ay mas malaki kasya normal;

- may mga conviction o sinakdalan sa nakaraan ang Ikatlong Partido dahil lumabag sa mga lokal na batas;
- pumipilit ang isang consultant na bayaran siya ng commission bago ang pagbunyag ng isang kontrata o pasya;
- mga kabayaran para sa mga di-tiyak na serbisyo o mga serbisyong nakapag-aalinlangan sa ibang paraan;
- mga commission, fee o bonus na di-kasukat sa halaga ng mga serbisyong inilaan (halimbawa, mga "success fee");
- mga paggigiit ng labis-labis na libangan, mga regalo o paglalakbay kaugnay sa mga pag-aaregluhan;
- ang di-pagsang-ayon ng Ikatlong Partido na tumalima sa naaangkop na bata o sa Patakarang ito; o
- mga pahayag ng mga Ikatlong Partido gaya ng "Wala akong karanasan sa iyong industriya, subalit kilala ko ang mga makakatulong sa iyo."

Anu-ano ang mga multa para sa mga paglabag ng Patakarang ito?

Bukod sa pagsasapanganib ng reputasyon ng Samsonite sa pagnenegosyo, ang mga paglabag ng mga batas ay maaaring magresulta sa malalaking multang kriminal at sibil kapwa para sa Samsonite at sa mga Samsonite Associate. Dagdag sa mga multang iyon, ang mga paglabag nitong Patakaran ay maaaring magresulta sa disiplina mula sa Samsonite, kabilang ang pagsasabon, pagsuspinde o pagtiwalag. Maaari din iulat ng Samsonite ang mga paglabag ng Patakarang ito sa naaangkop na supervisory, regulatory o law enforcement authority.

Anu-ano ang mga rekisitos sa recordkeeping, o pagtatala ng pananalapi, sa ilalim ng Patakarang ito?

Kailangang sundin ng mga empleyado ng Samsonite ang lahat ng mga naaangkop na pamantayan, simulain, batas at asal para sa pagtutuos at pag-uulat ng pananalapi. Lalo na, kailangang siguraduhin ng mga Samsonite Associate na walang bahagi ng anumang bayad ay gagawin para sa anumang layunin na iba sa layunin na lubos at tumpak na nakalarawan sa mga talaan at rekord ng Samsonite. Hindi magbubukas ng mga account na hindi naisiwalat o naitala para sa anumang layunin. Hindi magpapasok ng mga palso o di-tunay na entry sa mga talaan o rekord ng Samsonite para sa anumang dahilan. Kailangang siguraduhin ng mga Samsonite Associate na lahat ng mga ulat at rekord na hinihiling ng mga tagapamahala ay kumpleto at nakumpleto sa panahon. Kahuli-hulihan, ang mga personal na pondo ay hindi dapat gamitin upang magawa ang ipinagbabawal sa ibang paraan ng Patakarang ito.

Anu-anong uri ng pagtatala, pagkilala at pagsasanay ang sinasakupan nitong Patakaran?

Magbibigay ng paulit-ulit na paalaala ang Samsonite sa lahat ng mga Samsonite Associate na magtatagubilin sa kanilang mga obligasyon sa ilalim nitong Patakaran at, kung naaangkop, magbibigay-alam sa mga Samsonite Associate ng anumang mga pagbabago sa Patakarang ito.

Dahil itong Patakaran ay bahagi ng Code of Conduct ng Samsonite, ang lahat ng mga Samsonite Associate ay hihingan-pautos na kilalanin ang kanilang pagtalima sa Patakarang ito sa pormularyo ng pagkilala (acknowledgement form) na kailangan nilang isumite kaugnay sa Code of Conduct. Bukod dito, maaaring hingang-pautos ng Samsonite ang ilang Samsonite Associate na kanilang kilalanin ang kanilang paulit-ulit na pagtalima sa Patakarang ito, at paminsan-minsan ang ilang Samsonite Associate ay maaaring hingang-pautos na sumailalim sa karagdagang pagsasanay hinggil sa mga rekisitos nitong Patakaran.

Sa wakas, ang mga rekisitos ng FCPA at ng U.K. Bribery Act ay inilarawan sa isang Apendise sa Patakarang ito. Ang Apendise ay isang napakahalagang bahagi nitong Patakaran at kailangang basahin at intindihin ng lahat ng mga Samsonite Associate ang Apendise. Kung kailangan, magtanong sa departamentong legal ng inyong rehiyon o General Counsel ng Samsonite.

Apendise

1. Mga Saligang Rekisitos ng FCPA

1.1. Mga Probisyon

Hinati ang FCPA sa dalawang pangunahing bahagi – ang mga Anti-Bribery Provision (mga Probisyon Laban sa Pagsuhol) at ang mga Record Keeping Provision (mga Probisyon sa Pagtatala).

1.1.1. Mga Probisyon Laban sa Pagsuhol

Sa ilalim ng mga Probisyon ng FCPA na Laban sa Pagsuhol, ilegal ang magbigay, mag-alok o mangakong magbibigay ng anumang may halaga sa sinumang dayuhang opisyal upang makakuha o magpanatili ng negosyo o magtamo ng di-matwid na bentaha. Hinihiling kapwa ng FCPA at ng Patakarang ito na malawak na pakahuluganan ang mga tadhanang ito. Bagaman may ilang mga situwasyon na maaaring mang-udyok ng panganib ng di-matwid na gawain, kabilang sa mga karaniwang halimbawa ang mga situwasyon gaya ng pakikipag-aregluhan ng isang potensiyal na kontrata ng, o pamumuhunan ng, isang dayuhang pamahalaan o entidad ng pamahalaan, o paghiling mula sa mga opisyal ng isang pamahalaan ng pahintulot na mangalakal sa isang dayuhang bansa, kabilang ang pagbili o pagbenta ng interes sa pag-aari sa isang dayuhang kompanya. Mayroong limitadong mga situwasyon kung saan maaring magbayad sa mga dayuhang opisyal sang-ayon sa FCPA. Ang ganyang mga situwasyon ay nangangailangan ng mga "facilitation payment," na kung ipaparis ay maliliit na bayad na ginagawa upang mapadali o mapabilis ang rutinang pagkilos ng pamahalaan. Bago magpasya na pinapahintulot ang isang bayad dahil isa itong facilitation payment, mangyaring sumangguni sa departamentong legal ng inyong rehiyon o sa General Counsel ng Samsonite.

Bukod sa pagbabawal ng di-matwid na tuwirang mga bayad sa mga dayuhang opisyal, pinagbabawal kapwa ng FCPA at ng Patakarang ito ang mga bayad sa mga ikatlong partido na may kaalaman na ang pera o ang mga produkto ay ipapasa sa mga dayuhang opisyal para sa di-matwid na layunin. Sa ilalim ng Patakarang ito, kabilang sa terminong “bayad” ang anumang regalo, alok o pangakong magbibigay ng anumang may halaga sa sinumang dayuhang opisyal upang makakuha o magpanatili ng negosyo o magtamo ng di-matwid na bentaha.

Dahil sa mga mahihigpit na limitasyon sa mga bayad sa mga dayuhang opisyal na iginigiit ng FCPA, mahigpit na patakaran ng Samsonite na walang Samsonite Associate ang maaring magbigay, mag-alok o mangako ng anumang may halaga sa sinumang dayuhang opisyal maliban sa nakasaad sa Patakarang ito.

1.1.2. Mga Probisyon sa Pagtatala

Hinihiling ng mga probisyon ng FCPA hinggil sa pagtatala na magpanatili ang mga kompanya ng tumpak na mga financial records, o mga talaan ng pananalapi, na naglalarawan sa makatwirang detalye ng lahat ng mga transaksyon at pagbebenta ng mga asset. Idinisenyo ang mga probisyon ng FCPA sa pagtatala upang masiguro na lahat ng mga bayad ay tumpak na nakalarawan sa mga takaan ng pananalapi at lahat ng mga bayad ay wastong na-awtorisado. Sa

gayon, ipinagbabawal ng FCPA ang di-tumpak na paglalarawan o paglaktaw ng anumang transaksyon sa mga talaan ng pananalapi, gayundin ang kabiguan sa pagpapanatili ng kontrol sa mga talaan ng pananalapi na maaaring may magreresultang di-tumpak na paglalarawan o paglaktaw ng transaksyon. Ang patuloy na pagbigay ng detalyado at masusing mga paglalarawan ng lahat ng mga bayad at gastos ay napakahalaga para sa bahaging ito ng Batas.

Habang ang Samsonite ay sa prinsipyo hindi sinasakupan ng mga probisyon ng FCPA sa pagtatala, nakapangako ang Samsonite na kusa itong tatalima sa mga pamantayang ito.

2. Mga Saligang Rekisitos ng UK Bribery Act (Batas Laban sa Pagsuhol)

2.1. Mga Probisyon

Ayon sa UK Bribery Act, mga krimen ang apat na hiwalay na pagkakasala:

- pag-alok, pagpapangako, o pagbigay ng "isang bentahang pinansiyal o iba pa" sa sinumang ibang tao na ang layunin ay humikayat ng o gantimpalaan ang di matwid na pagtupad ng isang mahalagang tungkulin o gawain;

- paghiling, pagsang-ayong tumanggap, o pagtanggap ng "isang bentahang pinansiyal o iba pa" na naglalayong tuparin nang di matwid ang isang mahalagang tungkulin o gawain;

- pag-alok, pagpapangako, o pagbigay ng isang "bentahang pinansiyal o iba", tuwiran o di-tuwiran, sa isang "dayuhang pampublikong opisyal" na ang layunin ay magtamo ng negosyo o bentaha sa pagnenegosyo;

- ang di-paghadlang ng pagsuhol ng isang "associated person" (sinumang tumutupad ng mga serbisyo para sa kompanya) na ang layunin ay magtamo ng negosyo o bentaha sa pagnenegosyo ng samahang komersiyal.

Gaya ng nabanggit, ang asal na ipinagbabawal sa ilalim ng UK Bribery Act ("Batas") ay gaya ng asal na ipinagbabawal sa ilalim ng FCPA, subalit ang UK Bribery Act ay mas malawak kaysa FCPA sa tatlong paraan. Una, at pinakamahalaga, ang Batas ay naglalapat ng bagong mahigpit na liability criminal offense na natutungod sa anumang kompanya na may mga kaugnayan sa UK na hindi nakapigil sa pagbayad ng isang "associated person" (sinumang tumutupad ng mga serbisyo para sa kompanya) ng suhol. Ang tanging depensa laban sa pananagutan ay kung mapatunayan ng kompanya na nag-pairal ito ng mga "adequate procedures", o "mga sapat na kaparaanan" upang hadlangan ang pagsuhok. Pangalawa, ang Batas ay hindi nagbibigay ng anumang mga eksepsiyon para sa mga "facilitation payment," iyong mga bayad na maliit-liit kung ipaparis, na ginagawa upang mapadali o mapabilis ang mga rutinang pagkilos ng pamahalaan. Pangatlo, di-gaya sa ilalim ng FCPA, ayon sa Batas, krimen ang pagsuhol na "purely commercial", o "tanging pang-negosyo", na walang kaugnayan sa anumang pampublikong opisyal o opisyal ng pamahalaan, na nangangahulugang bawal ang pagsuhol ng lahat ng tao.